

Paglulunsad ng Ayuda para sa Kapos ang Kita Program ng DSWD sa Gitnang Luzon

Sa makasaysayang araw na ito, inilunsad ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang Ayuda para sa Kapos ang Kita Program (AKAP), isang malawakang inisyatiba na naglalayong magbigay tulong sa mga pamilyang mababa ang kita sa buong Gitnang Luzon. Sabay-sabay na isinagawa ang programa sa pitong lalawigan ng rehiyon, kabilang ang Aurora, Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac, at Zambales.

Tinukoy ng DSWD na aabot sa 25,787 indibidwal mula sa sektor ng mababa ang kita ang natulungan mula sa nasabing paglulunsad. Ayon kay DSWD Regional Director Venus F. Rebulde, ang programang ito ay isang mahalagang hakbang upang mapagaan ang pasanin ng mga pamilyang nangangailangan sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at iba pang pangangailangan sa araw-araw.

“Layunin ng AKAP na magbigay ng agaran at konkretong tulong sa ating mga kababayan na lubos na nangangailangan. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng programang ito, makakabawas tayo sa kanilang mga alalahanin at makakatulong tayo na maiangat ang kanilang kalagayan,” pahayag ni Director Rebulde sa isang press conference.

Patuloy na nananawagan ang DSWD sa publiko na suportahan ang kanilang mga programa at proyekto upang mas marami pang mga Pilipino ang maabot at matulungan. Nakipagtulungan din ang ahensya sa iba’t ibang lokal na pamahalaan upang matiyak na magiging maayos at sistematiko ang pamamahagi ng ayuda.

Sa mga darating na linggo, asahan na mas magiging madalas ang mga ganitong inisyatiba upang masigurong walang sambahayang maiwan sa layunin ng DSWD na maghatid ng malasakit at kalinga

sa bawat Pilipino.